



TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO MGA TALA O MINUTES

Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet

(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)

www.sfgovtv.org

Pebrero 7, 2022 – 5:30 PM

Espesyal na Pulong

Mga Kasapi: Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo

Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistributo sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Lunes, Pebrero 7, 2022. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 5:32 p.m.

Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahan dumalo, naitalang naroroon sina Tagapangulo Townsend, Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Member Castillon, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.

2. Mga Hangganan o Boundary ng Distrito 11, Magkakalapit-bahay, at Tinututukang mga Komunidad (Communities of Interest) ng Distrito 11

Mga Tagapagsalita: Dr. Wilhelmina Sims; hiniling na panatilihin ng Task Force ang mga komunidad ng Distrito 11.

Al Perez (Filipino American Arts Exposition o Eksposisyon ng mga Sining na Filipino Amerikano); hiniling na kilalanin ng Task Force ang komunidad ng mga Filipino sa Distrito 11 bilang tinututukang komunidad (communities of interest), at panatilihin itong buo, kasama na ang Mission Terrace, Saint Mary's Park, at Bosworth Street; at tinukoy ang kanyang isinuniteng mapa na nakasama na sa mga rekord.

David Hooper; hiniling na ibalik ang Distrito 11 sa mga hangganan nito noong 2002, at nang maibalik ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold

Avenues, at iminungkahi ang paglilipat ng ilang bahagi ng Distrito 8 na nasa timog na bahagi ng Interstate 280 pabalik sa Distrito 11.

Tagapagsalita; hinihiling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit ng mga linya para sa Distrito 11.

Jose Pecho, Tagapangulo (San Francisco Filipino Chamber of Commerce o Konseho ng mga Mangangalakal sa San Francisco); hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga komunidad ng mga Filipino sa Distrito 11 bilang tinututukang komunidad, at panatilihing buo ang mga ito.

Mary Harris, Presidente (OMI Neighbors in Action o Magkakapitbahay sa OMI na Gumagawa ng Aksiyon); inendoso ang mga hangganan ng Distrito 11 sa mga mungkahing mapa na isinumite ni Christopher Bowman, hiniling na ibalik sa dati ng Task Force ang Distrito 11 sa mga hangganan nito noong 2002 sa pamamagitan ng pagbabalik sa mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues, at ipinahayag na kakaunti ang pagkakapreho ng OMI sa magkakalapit-bahay sa Saint Francis Wood.

Alida Fischer (OMI Neighbors in Action); hiniling na ilipat ng Task Force ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues tungo sa Distrito 11.

Deanna Volek; hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga magkakalapit-bahay sa OMI at ang mga komunidad ng mga Filipino bilang tinututukang komunidad, at panatilihing magkakasama ang mga ito sa Distrito 11, kasama na ang Mission Terrace, Saint Mary's Park, at Bosworth Street.

Anne Marie Nowak; hiniling na ilipat ng Task Force ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues tungo sa Distrito 11.

Chris Corgas; hiniling na ilipat ng Task Force ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues tungo sa Distrito 11, pero hindi isama rito ang Westwood Park.

Steven Depont-Kelani Currier; hiniling sa Task Force na ibalik ang Distrito 11 sa mga hangganan nito noong 2002, at nang maibalik ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues, at iminungkahi ang posibleng pagbabalik ng komunidad ng Saddleback na nasa timog ng Crocker Amazon soccer fields pabalik sa Distrito 11 mula sa Distrito 10.

Linda Liteheiser; tinukoy na kasalukuyang napapaligiran ang McLaren Park ng tatlong magkakahiwalay na superbisoryal na distrito at inirekomenda na kilalanin ng Task Force ang pagiging kapaki-pakinabang ng ganitong pagkakaayos para sa sa mga kalapit na residente.

Terrence Valen, Direjtor (Filipino Community Center o Sentrong Pangkomunidad ng mga Filipino); hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga komunidad ng mga Filipino na nasa Distrito 11 bilang tinututukang komunidad, at panatilihin itong buo, at hiniling na ibalik ang Distrito 11 sa mga hangganan nito noong 2002, at nang maibalik ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues.

Elaine Villasper; hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga komunidad ng mga Filipino na nasa Distrito 11 bilang tinututukang komunidad, at panatilihin itong buo, muling ikonekta ang Merced Triangle, at inendoso ang mga komentong ipinaabot ni Al Perez.

Tagapagsalita; hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga komunidad ng mga Itim, Asyano, Latinx, at Filipino na nasa Distrito 11 bilang tinututukang komunidad, at panatilihin itong buo, at nasa loob ng magkakalapit-bahay sa OMI, at inirekomenda ang

muling pagkokonekta ng hilaga o norteng bahagi ng Mission Terrace, Excelsior at Portola.

Chuck Obermeyer; hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga komunidad ng mga Filipino na nasa Distrito 11 bilang tinututukang komunidad, at panatilihin itong buo, at hiniling na ibalik ang Distrito 11 sa mga hangganan nito noong 2002, at nang maibalik ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues, at mapanatili na rin ang Bosworth Street at Saint Mary's Park sa District 11.

Simon Timony (Advocates Eleven o Nag-aadbokasiyang Labing-isa); hiniling na ibalik ng Task Force ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues sa Distrito 11, at idagdag ang Mission Terrace, Bosworth Street, Saint Mary's Park.

Joelle Kenealey, Presidente (Outer Mission Merchants and Residents Association o Asosasyon ng mga Negosyante at Residente ng Outer Mission); inendoso ang mga komento ni Linda Liteheiser, at ang mga obserbasyon nito ukol sa mga hangganan ng McLaren Park.

John Avalos; hiniling na kilalanin ng Task Force ang mga komunidad na uring manggagawa at Itim na nasa hilaga o norte ng Holloway Avenue bilang tinututukang mga komunidad, at ilipat ang mga lugar na nababakuran ng Ocean, Holloway, Ashton, at Harold Avenues pabalik sa sa Distrito 11, at ibalik ang mga lugar na nasa may Geneva Avenue.

Barbara Fugate (The Cayuga Neighborhood Association o Asosasyon ng mga Magkakalapit-bahay sa Cayuga); inendoso ang mga komento na iniharap nina David Hooper at Mary Harris.

David Pilpel; hiniling na rebyuhin ng Task Force ang mga hangganan o boundaries na isinumite niya at naka-rekord na, at iminungkahi ng huwag idagdag ang mga komunidad ng OMI pabalik sa Distrito 11.

Charlie Shamas; hiniling na kilalanin ng Task Force recognize ang may pagkakaiba-iba na komunidad ng uring manggangawa bilang tinututukang mga komunidad sa Distrito 11, at panatilihin na buo at magkakasama ang mga ito, at iminungkahi na maghanda ang Task Force ng burador o draft na mga mapa para maagang marebyu ng publiko bago ang anumang diskusyon sa hinaharap ukol sa mga hangganan ng Distrito 11.

Elliot Fitzpatrick; hiniling na ibalik ng Task Force ang mga dating hangganan ng Distrito 11 noong 2002.

Tagapagsalita; hiniling na kilalanin ng Task Force ang komunidad ng mga Filipino bilang tinututukang komunidad at panatilihin itong buo.

Mary Thomas; hiniling na ibalik ng Task Force ang mga dating hangganan ng Distrito 11 noong 2002, at isama ang Ingleside Presbyterian Church at iba pang Itim na simbahan ng komunidad sa distritong ito.

Tagapagsalita; hinihiling na huwag palitan ng Task Force ang pagkakaguhit sa mga linya ng Distrito 11.

Speaker; inendoso ang mga hangganan ng District 11 na nasa mga mapang isinumite ni Christopher Bowman.

Marc Christensen, Presidente (Merced Extension Triangle Neighborhood Association o Asosasyon ng mga Magkakalapit-bahay sa Merced Extension Triangle); hiniling na manatili ang mga magkakalapit-bahay sa Merced Extension Triangle sa Distrito 7.

Monique Guidry; hiniling na ibalik ng Task Force ang mga dating hangganan ng Distrito 11 noong 2002, at isama ang Ingleside Presbyterian Church at iba pang Itim na simbahan ng komunidad sa distritong ito.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

3. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Q2 Redistricting Consultants (Mga Konsultant sa Muling Pagdidistrito)

Jaime Clark at Seth Neill, Mga Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco.

Mga Tagapagsalita: Steven Depont-Kelani Currier; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco o Liga ng Kababaihang Botante ng San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

4. Mga Bagong Impormasyon sa Iskedyul ng Regular at Espesyal na Pulong

Walang pagbabago sa mga inialok na iskedyul ng mga pulong ng Task Force.

Gus Guibert (Opisina ng Abugado ng Lungsod o Office of the City Attorney); sinagot ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.

Mga Tagapagsalita: Steven Depont-Kelani Currier; hiniling na mag-iskedyul ang Task Force ng ikalawang pulong na nakatuon sa Distrito 11 o pumunta sa espesyal na pulong sa ibang panahon sa proseso ng pagsasaalang-alang sa paglalagay ng mga hangganan sa mga distrito.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

5. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami

Evelyn Torres (Civic Edge Consulting); nagharap ng kasunod na impormasyon magmula noong huling lumabas ang pinag-uusapang bagay na ito sa pulong at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuang diskusyon.

Mga Tagapagsalita: Steven Depont-Kelani Currier; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

6. Mga Ulat ng mga Miyembro ng Task Force at mga Ulat ng Kinatawan ng Departamento ng Lungsod/Pampublikong Opisyal

Iniulat ni Miyembro Castillon na nagkaroon siya ng mga pulong kamakailan sa mga miyembro ng komunidad ng mga Filipino at nang maipakita ang mga online na kasangkapan sa pagmamapa at mga materyales para sa pagsusumite ng mga mapa.

Mga Tagapagsalita: Wala.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

7. Komento ng Pangkalahatang Publiko

Mga Tagapagsalita: Luke Bornheimer; hiniling na palitan ng Task Force ang pagkakadistrito ng maraming parke sa lungsod na nasa hangganan ng dalawa o higit pang distrito, tulad ng Golden Gate Park at McLaren Park, at isaalang-alang na huwag isama ang mga ito sa anumang superbisoryal na distrito. David Pilpel; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force. Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagbahagi ng iba't ibang inaalala kabilang na ang hindi pagsama sa mga parke ng lungsod sa mga superbisoryal na distrito. Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang ilang inaalala ukol sa gerrymandering (pagmamaniipula sa mga hangganan upang mapaboran ang isang partido o uri), bilang pagtugon sa desisyon sa araw na iyon ng Korte Suprema sa kasong Merrill v. Mulligan. Steven Depont-Kelani Currier; ibinahagi ang iba't ibang inaalala sa Task Force.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

8. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap

Wala nang iba pang iniharap na bagong bagay na pag-uusapan sa hinaharap.

Tagapagsalita: Luke Bornheimer; hiniling na isaalang-alang ng Task Force na ilagay sa listahan ng mga pag-uusapan o agendy sa pulong sa hinaharap ang diskusyon ukol sa mga epekto ng muling pagdidistributo sa mga parke ng lungsod.

Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.

9. Pagtatapos ng Pulong

Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 8:10 p.m.

Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.

INAPRUBAHAN: Pebrero 16, 2022
Task Force para sa Muling Pagdidistrito